

1ST QUARTERLY ASSESSMENT
FILIPINO 8
SY 2025-2026

Name: _____
Section: _____

Date: _____
Teacher: _____

PANUTO: Basahin at unawain ang bawat katanungan. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Sino ang may-akda ng tulang “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa”?
 - A. Emilio Aguinaldo
 - B. Apolinario Mabini
 - C. Andres Bonifacio
 - D. Marcelo H. del Pilar

2. Ano ang pangunahing tema ng tulang “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa”?
 - A. Pagpapahalaga sa karangyaan
 - B. Pagtangkilik sa dayuhang produkto
 - C. Pagmamahal at sakripisyo para sa bayan
 - D. Pananampalataya at relihiyon

3. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng pandiwang nasa pokus sa tagaganap?
 - A. Ipinaglaban ni Bonifacio ang kalayaan.
 - B. Ang watawat ay iwinagayway ni Elias.
 - C. Naglakbay sina Andres at Emilio sa bundok.
 - D. Pinintahan nila ang kanilang silid

4. Tukuyin ang pandiwang nasa pokus sa layon:
 - A. Kumanta ng awit ang mga kabataan.
 - B. Binasa ng guro ang tula ni Bonifacio.
 - C. Lumipad ang agila sa himpapawid.
 - D. Nagluto ng pansit ang ina ni Maria

5. Bakit mahalaga ang panitikan ng panahon ng Propaganda?
 - A. Dahil ito’y tungkol lamang sa panitikan ng dayuhan
 - B. Dahil ito’y nagbigay aliw sa mga manunulat
 - C. Dahil ito’y naging paraan upang maipahayag ang saloobin laban sa kolonyalismo
 - D. Dahil ito’y nagpakita ng kahusayan sa teknolohiya

6. Bilang mag-aaral, paano mo maipakikita ang pagmamahal sa bayan tulad ng mensahe sa tula?
 - A. Pagtangkilik sa imported na produkto
 - B. Pagtatapon ng basura kahit saan
 - C. Pagsunod sa batas at pagtulong sa kapwa
 - D. Pagsuway sa guro sa panahon ng proyekto

D. Pagbasa ng kasaysayan

7. Sino ang tinaguriang “Utak ng Katipunan” at may-akda ng “Liwanag at Dilim”?

- A. Jose Rizal
- B. Andres Bonifacio
- C. Emilio Jacinto
- D. Apolinario Mabini

8. Ano ang layunin ng akdang “Liwanag at Dilim”?

- A. Magbigay ng aliw sa mambabasa
- B. Magturo ng relihiyon
- C. Magmulat sa katotohanan at magtaguyod ng kabutihan
- D. Magbahagi ng kasaysayan ng bansang dayuhan

9. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng pokus sa ganapan?

- A. Pininturahan niya ang silid-aralan.
- B. Pinagtaniman ng magsasaka ang bakuran.
- C. Sumulat si Andres ng talumpati.
- D. Kumain ng saging si Ana

10. Anong uri ng pokus ng pandiwa ang makikita sa pangungusap na: “Sinulatan ng liham ang kanyang kaibigan gamit ang bagong panulat.”

- A. Tagaganap
- B. Ganapan
- C. Gamit
- D. Layon

11. Ano ang pangunahing paksa ng akdang “Liwanag at Dilim”?

- A. Pagkain ng masustansya
- B. Katotohanan, kabutihan, at hustisya
- C. Teknolohiya sa panahon ng Kastila
- D. Relihiyon ng mga Espanyol

12. Paano mo magagamit ang pokus ng pandiwa sa pagsusulat ng sanaysay tungkol sa kabataan?

- A. Sa pagbanggit ng mga tauhan sa tula
- B. Sa pagbibigay ng paksa ng kwento
- C. Sa pagbibigay-linaw sa kilos, gamit, at tagpuan ng pangyayari
- D. Sa pagsunod sa wastong bantas at baybay

13. Ano ang pangunahing tema ng sanaysay na “Kalayaan” ni Emilio Jacinto?

- A. Kalusugan sa panahon ng pandemya
- B. Pagpapahalaga sa wika at komunikasyon
- C. Diwang makabayan at paghahangad ng kalayaan
- D. Paglalakbay ng mga bayani sa ibang bansa

14. Alin sa mga sumusunod ang pangungusap na gumamit ng pang-ugnay na pananhi?
- A. Nagsalita siya nang malinaw.
 - B. Kaya't nagsikap siyang mag-aral.
 - C. Dahil sa kanyang pagsusumikap, siya ay nagtagumpay.
 - D. Samakatwid, dapat tayong magkaisa.
15. Alin sa mga ito ang pang-ugnay na panlinaw?
- A. Dahil dito
 - B. Kaya
 - C. Gayundin
 - D. Ngunit
16. Aling pangungusap ang gumagamit ng pang-ugnay na panapos?
- A. Dahil dito, tayo ay nagkaisa.
 - B. Kaya't sinikap nating magtagumpay.
 - C. Samakatwid, kailangan natin ng pagkakaisa.
 - D. Ngunit hindi tayo sumuko.
17. Anong layunin ang pinapakita ng sanaysay na "Kalayaan"?
- A. Magturo ng wastong paggamit ng wika
 - B. Maglahad ng kasaysayan ng edukasyon
 - C. Magmulat ng damdaming makabayan sa pamamagitan ng panitikan
 - D. Magpakita ng kalagayan ng kalusugan ng mga Pilipino
18. Paano mo magagamit ang mga pang-ugnay sa iyong sariling pagsusulat?
- A. Para gawing magulo ang ideya
 - B. Para magkaroon ng koneksyon at malinaw na daloy ng kaisipan
 - C. Para pahabain ang bawat pangungusap
 - D. Para gumamit ng makalumang salita
19. Ano ang layunin ng sanaysay na "Mga Katwiran ng mga Pilipino sa Himagsikan"?
- A. Magbigay ng mga paraan ng pag-aalaga ng kalikasan
 - B. Ilahad ang mga dahilan ng mga Pilipino sa pakikibaka laban sa mga dayuhan
 - C. Magturo ng wastong asal sa kabataan
 - D. Ipakita ang kagandahan ng panitikang Ingles
20. Alin sa mga sumusunod ang ginamit na pangatnig ng pagsalungat?
- A. Ngunit
 - B. Dahil
 - C. Kaya
 - D. Samakatwid
21. Anong layunin ang pinaglilingkuran ng transitional devices sa sanaysay?
- A. Upang palitan ang pangunahing paksa
 - B. Upang malinaw na maipakita ang ugnayan ng mga ideya

- C. Upang dagdagan ang bilang ng salita
- D. Upang mapalitan ang mga pandiwa

22. Alin sa mga sumusunod ang transitional device na nagpapakita ng paghahalintulad?

- A. Samantala
- B. Gayundin
- C. Subalit
- D. Sa kabilang banda

23. Anong mahalagang elemento ng sanaysay ang makikita sa paglalatag ng mga katwiran ng mga Pilipino?

- A. Panimula
- B. Katawan
- C. Wakas
- D. Lahat ng nabanggit

24. Bilang isang mag-aaral, paano mo mailalapat ang gamit ng pangatnig sa paggawa ng sariling sanaysay?

- A. Sa pamamagitan ng pag-iwas sa mahahabang pangungusap
- B. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang nakalilito
- C. Sa pamamagitan ng pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya
- D. Sa pamamagitan ng pag-ulit ng pangunahing ideya

25. Ano ang pangunahing layunin ng tekstong persweysib?

- A. Magpaliwanag ng datos
- B. Mag-aliw sa mambabasa
- C. Manghikayat sa mambabasa na maniwala o kumilos
- D. Mag-ulat ng isang pangyayari

26. Alin sa mga sumusunod ang HINDI bahagi ng estruktura ng tekstong persweysib?

- A. Panimula
- B. Katawan
- C. Wakas
- D. Sanggunian

27. Anong elemento ang madalas gamitin sa tekstong persweysib upang mapaniwala ang mambabasa?

- A. Katotohanan at lohika
- B. Bugtong at palaisipan
- C. Balagtas
- D. Mito at alamat

28. Ano ang layunin ng pagsusuri ng tekstong biswal sa konteksto ng sanaysay?

- A. Upang matukoy ang kulay ng imahe
- B. Upang makilala ang kilalang artist
- C. Upang maunawaan ang mensaheng nais iparating ng larawan

D. Upang matutunan ang pagguhit

29. Alin sa sumusunod ang pinaka-angkop na halimbawa ng tekstong persweysib?

- A. Artikulo sa encyclopedia
- B. Isang kwentong pambata
- C. Liham panawagan sa kalinisan
- D. Patalastas sa pelikula

30. Paano mo magagamit ang tekstong persweysib sa pang-araw-araw na buhay?

- A. Sa pagsagot ng crossword puzzle
- B. Sa paglikha ng liham para hikayatin ang barangay sa proyekto
- C. Sa pagbabasa ng tula
- D. Sa pakikinig ng awit

31. Alin sa sumusunod ang pangunahing layunin ng isang editorial?

- A. Mag-ulat ng balita
- B. Maglahad ng masining na kuwento
- C. Magbigay ng opinyon ng pahayagan tungkol sa isang isyu
- D. Magbasa ng tula sa harap ng klase

32. Alin sa mga sumusunod ang bahagi ng editorial?

- A. Panimula, katawan, wakas
- B. Talata, tula, awit
- C. Paunang salita, talaan ng nilalaman, glosaryo
- D. Simula, kasukdulan, wakas

33. Ano ang layunin ng rebyu ng aklat?

- A. Upang ipagbili ang aklat
- B. Upang ibigay sa library
- C. Upang suriin at ipahayag ang opinyon ukol sa nilalaman ng aklat
- D. Upang isalin ito sa ibang wika

34. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa elemento ng tekstong biswal?

- A. Laki
- B. Espasyo
- C. Balangkas ng kwento
- D. Anyo

35. Ano ang tinutukoy kapag binibigyang-halaga ang mga katangiang tulad ng kasarian, edad, etnisidad, at LGBTQ+ sa mga tauhan?

- A. Tema
- B. Estereotipo
- C. Banghay
- D. Tekstong deskriptibo

36. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng positibong paggamit ng tekstong biswal sa isang editorial?
- A. Larawan ng magulo at hindi malinaw na imahe
 - B. Pagsingit ng di-kaugnay na kulay sa layout
 - C. Paggamit ng imahe na umaakma sa mensahe ng editorial
 - D. Paggamit ng labis na linya at espasyo upang masabing artistik
37. Ano ang pangunahing layunin ng sanaysay na Liwanag at Dilim ni Emilio Jacinto?
- A. Maglarawan ng kalikasan
 - B. Maglahad ng saloobin ukol sa pag-ibig
 - C. Ipakita ang pagpapahalaga sa kalayaan at karunungan
 - D. Magturo ng wastong pamumuhay
38. Alin sa mga sumusunod ang nararapat isaalang-alang sa pagsusuri ng isang sanaysay?
- A. Laki ng font
 - B. Bilis ng pagbigkas
 - C. Paksa, kaisipan, layon, wika at estilo
 - D. Gamit ng camera sa paggawa ng video
39. Ano ang ibig sabihin ng “multimodal na paraan” sa paggawa ng rebyu?
- A. Paggamit lamang ng sulat-kamay
 - B. Paggamit ng iba’t ibang paraan tulad ng video, larawan, at tunog
 - C. Pagkukuwento gamit ang komiks
 - D. Pagsusulat sa chalkboard
40. Paano mo mailalarawan ang isang borador ng rebyu ng sanaysay?
- A. Isang tiyak at panghuling kopya
 - B. Isang paunang bersyon ng pagsusuri upang maisaayos ang nilalaman at presentasyon
 - C. Isang larawan ng sanaysay
 - D. Isang sipi ng buong sanaysay
41. Alin sa mga sumusunod ang maaaring gamitin bilang ebidensya sa pagsusuri ng sanaysay?
- A. Sariling opinyon na walang batayan
 - B. Mga pahayag ng hindi kaugnay sa paksa
 - C. Halimbawa ng kaisipan mula sa sanaysay mismo
 - D. Komento mula sa social media
42. Ano ang layunin ng paggamit ng elementong biswal sa rebyu ng sanaysay?
- A. Magdagdag ng kaguluhan
 - B. Magpaganda ng sulat-kamay
 - C. Magbigay-linaw sa mensahe gamit ang larawan, kulay, at anyo
 - D. Makaiwas sa pagsusulat
43. Ano ang pangunahing layunin ng Social Content Guidelines ng DepEd?

- A. Upang madagdagan ang bilang ng learning materials
- B. Upang mapanatili ang pansariling opinyon ng manunulat
- C. Upang matiyak na may pagpapahalagang panlipunan ang mga aklat at kagamitang panturo
- D. Upang limitahan ang paggamit ng teknolohiya

44. Alin sa mga sumusunod ang hindi naaayon sa pamantayan ukol sa relihiyon?

- A. Gamitin lamang kung may kaugnayan sa paksa
- B. Tiyaking akma at totoo ang ipinapakita
- C. Ipakalat ang lahat ng pananampalataya sa bawat aralin
- D. Tiyaking wasto ang konteksto ng relihiyosong larawan

45. Anong patakaran ang umiiral ukol sa paggamit ng larawan ng mga taong nabubuhay pa?

- A. Huwag gamitin kailanman
- B. Gamitin sa lahat ng aralin
- C. Gamitin lamang kung sila ay kilala sa pambansang ambag
- D. Gumamit ng larawan ng sikat na artista

46. Alin sa mga sumusunod ang tamang halimbawa ng paggalang sa pagkakaiba-iba ng lahi, etniko, at kultura?

- A. Pagtatanghal ng isang kultura bilang mas mataas kaysa sa iba
- B. Pagbibigay ng pantay na representasyon sa mga larawang gagamitin
- C. Paggamit ng stereotype sa ilustrasyon
- D. Pagbura sa identidad ng mga pangkat minoridad

47. Ayon sa pamantayan, ano ang dapat gawin sa mga larawan ng mag-asawa sa aklat?

- A. Ipakitang lalaki ang may kontrol
- B. Ipakitang babae lang ang nag-aalaga ng bata
- C. Ipakitang sila ay magkasama sa pamamahala ng pamilya
- D. Iwasan ang pagpapakita ng mag-asawa

48. Anong halimbawa ng hindi sumusunod sa Social Content Guidelines sa usaping kalusugan?

- A. Pagpapakita ng kampanya laban sa sigarilyo
- B. Pagsuporta sa pagkain ng gulay
- C. Pagpapakita ng pagkain ng junk food sa mga larawan
- D. Pagtataguyod ng kalinisan sa katawan

49. Alin sa mga ito ang pinakamabisang dahilan kung bakit mahalaga ang mga Social Content Guidelines sa mga teksbuk?

- A. Para hindi tumagal ang paggawa ng libro
- B. Para makabuo ng mas maraming entertainment content
- C. Para matiyak ang makatarungan at inklusibong edukasyon
- D. Para makontrol ng DepEd ang lahat ng babasahin

50. Alin sa mga sumusunod ang naaayon sa gabay ukol sa kapaligiran?
- A. Pagpapakita ng urban pollution bilang normal na gawain
 - B. Pagpapakita ng pagputol ng puno sa mga larawan
 - C. Pagpapakita ng konserbasyon ng likas na yaman
 - D. Pagpapakita ng pagmimina bilang tanging hanapbuhay

ANSWER KEY:

1. B
2. A
3. C
4. D
5. C
6. B
7. A
8. D
9. C
10. B
11. A
12. C
13. D
14. B
15. D
16. A
17. B
18. C
19. D
20. C
21. A
22. B
23. A
24. D
25. C
26. B
27. D
28. A
29. C
30. B
31. A
32. C
33. D
34. B
35. C
36. A
37. C
38. D
39. B
40. A
41. C
42. D
43. C
44. C
45. C
46. B
47. C

- 48. C
- 49. C
- 50. C